Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

10 Marso 2023

**Gng. Gladlie Fabunan**
Sibuyan Island, Romblon
fabunangladlie@gmail.com

**PCC Code No. PCC-CAM-01-10-2023-042**

**Gng. G. Fabunan:**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na reklamo sa Presidential Complaint Center noong 10 Enero 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan noong 03 Marso 2023 para sa aming nararapat na aksyon.

Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong katanungan kung bakit pinahintulutan ang operasyon ng Altai Philippines Mining Corp. (Altai) sa Mt. Guiting-guiting gayung idineklara itong protected area alinsunod sa Presidential Proclamation No. 746. Kasama rin sa nasabing reklamo ang panawagan na mapahinto ang operasyon ng Altai dahil maaari itong makasira sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda sa probinsya ng Romblon.

Kaugnay nito, nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Walang pagmimina na naganap sa loob ng Mt. Guiting-guiting dahil mahigpit itong pinagbabawal alinsunod sa Presidential Proclamation No. 746 at Republic Act No. 7942; at

2. Nakapaloob sa aprubadong Environmental Work Program ng Altai ang mga sumusunod na *environmental mitigating measures* upang mabawasan o maiwasan ang epekto ng *exploration* o paggalugad – progresibong pagtatanim ng mga puno na endemic sa lugar, *backfilling* o pagbabalik ng lupa sa mga *test* pits at *trenches,* pagtatayo ng mga *drainage channels* upang direktang dumaloy ang tubig mula sa *exploration sites* patungo sa *sediment traps,* at regular na pagsasagawa ng *maintenance works* sa mga daan.

Makakaasa po kayo na ang aming tanggapan, sa pakikipagugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at lokal na pamahalaan ng Romblon, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Altai. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa probinsya ng Romblon alinsunod sa

mga kaugnay na batas at mahigpit na probisyon sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

**GLENN MARCELO C. NOBLE**
Regional Director

031023-R04B-0648
Letter
3/10/2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
MIMAROPA Region

cf: **The Presidential Complaint Center**
Office of the President
**PCC Code No. PCC-CAM-01-10-2023-042**

**The Chief of Staff**
Office of the Undersecretary for Field Operations
Luzon, Visayas and Environment
Department of Environment and Natural Resources

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Romblon